ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691|| ISI Value: 1.188

# KARIKTAN AT REALISMO: ISANG PAGSUSURI SA PILING MAIKLING KUWENTO

**Jenny Rose Oronos-Tumacder[1]; Wincel Mateo Ocampo[2]**
*[1]Nueva Ecija University of Science and Technology, Cabanatuan City, Nueva Ecija, Philippines*
*[2]Bulacan State University, Bulacan, Philippines*
**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra21017**
**DOI No: 10.36713/epra21017**

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay naglayon na matukoy ang kariktan ng bawat maikling kuwento na napalolooban ng tayutay, talinghaga at simbolismo. Nalaman na ang mga maikling kuwento na may Teoryang Realismo ay naglalaman ng isyung panlipunan kagaya ng diskriminasyon at kahirapan. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskripibong pamamaraan upang masuri ang sampung maikling kuwento. Ang pangnilalamang pagsusuri ay ginamit upang masuri ng mabuti ang piling maikling kuwento. Batay sa pag-aaral natuklasan na ang kariktan ng akda ang siyang pumupukaw sa mga mambabasa, natuklasan din na ang mga ito ay salamin ng mga isyung nagaganap sa nakaraan at kasalukuyang panahon. Inirerekomenda ng pag-aaral na ito na patuloy napahalagahan at mag-suring mga piling kuwento gamit ang Teoryang Sosyolohikal.*

*Sinagawa ang pag-aaral na ito upang suriin ang kariktan ng piling maikling kuwento gamit ang Teoryang Realismo. Ginamit ang pangnilalamang pagsusuri upang maayos at kongkretong masuri bawat piling akda. Ang pangangalap ng datos ay ginawa sa pamamagitan ng mabusising pagbabasa o pag-aanalisa ng sampung piling maikling kuwento. Nakita sa pag-aaral ang kagandahan ng akda, mga tunay na kaganapan sa lipunan, at mga katangian na mayroon ang bawat inibidwal sa kaniyang lipunang ginagalawan.*
***Susing Salita:*** *Maikling Kuwento, Teoryang Realismo, Estetika, Diskriminasyon, Polikikal, Aesthetic-Historical*

## INTRODUKSYON

Ang panitikan ay nagsisilbing daluyan ng mga karanasan, adhikain, at kaisipan ng sambayanan. Sa partikular, ang maikling kuwento ay isang makapangyarihang anyo ng panitikan na may kakayahang magsalaysay ng mga kaganapan sa buhay ng tao sa masining at makahulugang paraan. Sa pamamagitan nito, naitatanghal ang mga realidad ng lipunan—ang kahirapan, diskriminasyon, kalagayang politikal, at iba pang anyo ng suliraning panlipunan—nang hindi isinasantabi ang sining ng wika at malikhaing pagpapahayag.

Ang pananaliksik na ito ay nakasandig sa konsepto ng *dalumat*, na ayon kay Dr. Rhoderick Nuncio (2008), ay isang mataas na antas ng pagteorya na gumagamit ng masusi at masinop na pag-aanalisa ng mga salita at konsepto. Sa kontekstong ito, inilalapat ang *Aesthetic-Historical Approach* bilang pangunahing lente ng pagsusuri sa mga piling maikling kuwento, at sinusuportahan ito ng *Teoryang Realismo*, na nagpapakita ng matapat at makatotohanang repleksyon ng lipunan sa mga akdang pampanitikan.

Binigyang-diin ni Battad (2016) na ang Realismo ay isang dulog na naglalantad sa kalagayan ng lipunan gaya ng kahirapan, katiwalian, at diskriminasyon. Ang mga elementong ito ay madalas na hindi lamang simpleng tagpo sa isang akda kundi sumasalamin sa mas malawak na kondisyon ng lipunan. Sa kabilang banda, ang Aesthetic-Historical Approach ay nagbibigay-diin sa kariktan ng akda habang kinikilala rin ang kasaysayan at kontekstong panlipunan kung saan ito isinulat. Ang pagsasanib ng dalawang pananaw na ito ang naging batayan ng masinsinang pagsusuri sa pananaliksik na ito.

### Espisipikong Layunin ng Pananaliksik

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang **kariktan at realismo** sa piling maikling kuwento ng panitikang Filipino gamit ang *Aesthetic-Historical Approach*. Partikular, layunin nitong:

1. Masuri kung paano naipapakita ang **Teoryang Realismo** sa bawat piling kuwento;
2. Matukoy ang mga **elementong pampanitikan** (pamagat, tauhan, banghay, talinhaga, tayutay, at simbolismo) na nagbibigay ng estetikong bisa sa mga akda batay sa *Experiential Phase*;
3. Suriin kung paanong ang mga piling tauhan at pangyayari sa mga kuwento ay sumasalamin sa **mga isyung panlipunan** gaya ng:
    - a. Pangyayaring politikal;
    - b. Diskriminasyon;
4. Tukuyin ang **bisang pampanitikan** ng mga akda sa mga mambabasa batay sa:
    - a. Bisa sa isip (intellectual impact);
    - b. Bisa sa damdamin (emotional impact);
    - c. Bisa sa kaasalan (moral impact).

### Paradigma ng Pag-aaral

Ang pananaliksik ay ginamitan ng **Aesthetic-Historical Paradigm** bilang batayang modelo ng pagsusuri.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691|| ISI Value: 1.188

```
+-------------------------------+
|       INPUT (Pagpili ng          |
|    Mga Akdang Pampanitikan)  |
+-------------------------------+
| - Sampung maikling kuwento  |
| - Teoryang Realismo            |
| - Panlipunang Konteksto        |
+-------------------------------+
            ↓
+-------------------------------+
|       THROUGHPUT (Proseso)   |
+-------------------------------+
| - Pagsusuri sa Estetikong          |
|   elemento: talinhaga, tayutay,    |
|   simbolismo, tauhan                  |
| - Pag-uugnay sa kasaysayan at   |
|   lipunan (Historical context)     |
+-------------------------------+
            ↓
+-------------------------------+
|       OUTPUT (Resulta)         |
+-------------------------------+
| - Paglilinaw ng kariktan ng     |
|   akda batay sa Realismo        |
| - Pagpapakita ng ugnayan ng  |
|   estetika at realidad             |
| - Pag-unawa sa bisa ng akda   |
|   sa isip, damdamin, kaasalan  |
+-------------------------------+
```

## METODOLOHIYA

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa pamamagitan ng **Aesthetic-Historical Approach**, na layuning tuklasin ang ugnayan ng sining at kasaysayan sa nilalaman ng mga piling maikling kuwento. Partikular na binigyang-diin sa pag-aaral ang *estetikong pagdulog*, na kinabibilangan ng pagsusuri sa mga **simbolismo**, **tayutay**, **talinhaga**, at **tauhan** sa mga akda, upang mapalitaw ang mahahalagang temang panlipunan at karanasang makatotohanan sa mga kuwento.

### Pagpili ng mga Akda

Namili ang mananaliksik ng **sampung (10) piling maikling kuwento** batay sa pamantayang ibinatay sa pag-aaral ni Villafuerte, na nakatuon sa mga akdang may temang tumatalima sa **Teoryang Realismo**. Ang mga kuwentong ito ay kinakailangang nagtataglay ng mga pangyayaring sumasalamin sa totoong buhay o lipunang ginagalawan. Isinasaalang-alang din sa pagpili ang:

- **Taon ng pagkakalimbag** ng mga kuwento, upang matukoy ang kontekstong kasaysayan nito;
- **May-akda**, upang matiyak ang kredibilidad ng akda;
- **Katibayan ng kontribusyon** o tagumpay ng akda sa larangang pampanitikan (hal. pagkilalang natamo, bahagi ng mga teksbuk o kurikulum, atbp.).

Ang mga piling maikling kuwentong sinuri ay ang mga sumusunod:

1. *Tata Selo*
2. *Impen Negro*
3. *Itaboy ang Kahirapan at Hindi ang Mahihirap*
4. *Pagkamulat*
5. *Ang Inapi*
6. *Uhaw ang Tigang na Lupa*
7. *Mabangis na Lungsod*
8. *Walang Panginoon*
9. *Ang Kalupi*
10. *Isandaang Damit*

### Proseso ng Pagsusuri

Matapos matukoy ang mga akda, isinagawa ng mananaliksik ang masusing **pagbabasa at pagsusuri** upang matukoy ang mga *elementong pampanitikan* at mga *estetikong anyo* gaya ng tayutay, talinhaga, at simbolismo. Ang mga natukoy na elemento ay **inuri at inihanay batay sa pagkakatulad** ng gamit at epekto nito sa pag-unlad ng banghay at tema. Muling sinuri ang mga tauhan upang matukoy kung paanong ang kanilang mga karanasan ay nagsisilbing representasyon ng mga isyung panlipunan.

Bilang bahagi ng Aesthetic-Historical Approach, isinama rin sa pagsusuri ang pagkilatis sa mga **historikal at panlipunang**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691|| ISI Value: 1.188

**konteksto** ng bawat akda upang higit na maunawaan ang ugnayan ng sining at realidad sa mga kuwentong tinalakay. Ang datos ay inilahad batay sa mga tiyak na kategoryang tumutugon sa **Experiential Phase** (personal na bisa) at **Analytical Phase** (panlipunang ugnayan) ng pagsusuri.

## RESULTA NG PAG-AARAL

Sa pagsusuri ng sampung (10) piling maikling kuwento gamit ang Teoryang Realismo, lumitaw ang mga konkretong karanasan ng mga tauhan na sumasalamin sa kalagayan ng lipunan. Ipinapakita ng mga akda ang tunay na buhay na may kasamang mga isyung panlipunan gaya ng kahirapan, diskriminasyon, kawalan ng hustisya, at pang-aabuso sa kapangyarihan. Ang sumusunod ay buod ng resulta batay sa pamagat ng kuwento, mahahalagang pangyayari, at paliwanag kung paanong naipapakita ang Realismo sa mga ito:

**Talahanayan 1.**
**Teoryang Realismo**

| Pamagat ng Kuwento | Mahahalagang Pangyayari | Paliwanag (Batay sa Teoryang Realismo) |
|---|---|---|
| **Tata Selo** | "Binawi niya ang aking saka kaya tinaga ko siya." | Itinatampok dito ang pagsasamantala sa mga mahihirap na magsasaka ng mga may-ari ng lupa. Ang ganitong uri ng pang-aagaw ng lupain ay aktwal na nagaganap sa lipunan, gaya ng mga naibalitang demolisyon at land conflict. |
| **Impeng Negro** | "Dagok, dagok, dagok...pahalipaw...papaluka...papatay." | Lumilitaw ang diskriminasyon sa kulay ng balat, na isyung panlipunan sa mga katutubo gaya ng Aeta. Ang nararanasan ni Impen ay repleksyon ng mga aktwal na karanasan ng mga kabataang inaapi dahil sa kanilang kaibahan sa pisikal na anyo. |
| **Itaboy ang Kahirapan...** | Pagkawala ng pabuya ng hari nang matuklasang itinago ng gobernador ang tunay na kalagayan ng mamamayan. | Inilalantad ng kuwento ang sistematikong pagtatago ng katotohanan ng mga nasa kapangyarihan at ang direktang epekto nito sa buhay ng mga maralitang mamamayan. Inilalarawan nito ang sosyo-politikal na realidad sa bansa. |
| **Pagkamulat** | Pwersahang demolisyon sa kabila ng kawalan ng notice at pagtutol ng mga residente. | Makikita rito ang pagsasantabi sa karapatang pantao ng mga maralita. Isang repleksyon ito ng patuloy na kaguluhan tuwing may demolisyon sa mga urban poor communities gaya ng sa Caloocan. |
| **Ang Inapi** | Paninilbihan ni Rona sa ilalim ng mapang-abusong tiyahin bago makaahon sa buhay. | Tumatalakay ito sa resilience o kakayahang makabangon mula sa karalitaan. Isinasalaysay ang katotohanan ng mga batang kinukupkop ngunit inaabuso ng kamag-anak. |
| **Uhaw ang Tigang na Lupa** | Kawalan ng atensyon at malasakit ng ama sa anak. | Inilalarawan dito ang emotional neglect na isyung napapanahon sa mga batang lumalaki sa sirang pamilya. Makikita ang epekto ng kakulangan sa emosyonal na suporta mula sa magulang. |
| **Mabangis na Lungsod** | Panlilimos ni Adong sa Quiapo at pag-abuso ng mga nakatatanda sa kanya. | Repleksyon ito ng buhay ng mga batang lansangan na nakararanas ng pang-aabuso, gutom, at diskriminasyon. Ang karanasang ito ni Adong ay sumasalamin sa mga dokumentaryong tampok ang buhay sa kalsada. |
| **Walang Panginoon** | Pagtataboy at pag-aalitan na nauwi sa trahedya dahil sa agawan ng lupa. | Muling binibigyang-diin dito ang tensyon sa pagmamay-ari ng lupa na karaniwang pinagmumulan ng karahasan. Ang alitan ay simbolo ng sistematikong kawalan ng hustisya sa mga mahihirap. |
| **Ang Kalupi** | Isang batang gusgusin ang pinagbintangan at dinampot sa presinto kahit walang sapat na ebidensya. | Itinataas ang kamalayan sa stereotyping at quick judgment sa mga mahihirap, lalo na sa mga kabataan. Sa huli, napagtanto ng akda ang maling akusasyon, na sumasalamin sa madalas na sitwasyon ng mahihirap sa kamay ng mga may-kapangyarihan. |
| **Isandaang Damit** | Panunukso sa isang batang babae dahil sa luma at sulsing damit. | Isinalarawan dito ang epekto ng kahirapan sa bata, sa kanyang emosyonal at edukasyonal na aspeto. Makikita rin ang empatiya ng ina sa kabila ng limitadong kakayahan nilang itaguyod ang pangangailangan ng anak. |

## SINTESIS

Sa pagsusuri ng sampung (10) piling maikling kuwento, lumitaw na ang mga akda ay nagtataglay ng matitinding representasyon ng mga karanasan ng mga maralita, inaapi, at mga napag-iiwanan sa

lipunan. Sa pamamagitan ng Teoryang Realismo, naipakita ng mga may-akda ang makatotohanang kalagayan ng lipunan—ang kahirapan, diskriminasyon, karahasan, pananamantala, at kawalan ng hustisya—na may layuning gisingin ang kamalayan ng mambabasa.

Ang mga kuwentong gaya ng *Tata Selo*, *Impeng Negro*, *Mabangis na Lungsod*, at *Walang Panginoon* ay naglalantad ng mga konkretong karanasang panlipunan na patuloy na nararanasan sa kasalukuyan. Samantalang ang mga akdang tulad ng *Ang Inapi*, *Isandaang Damit*, at *Uhaw ang Tigang na Lupa* ay nagbibigay-diin sa personal at emosyonal na paghihirap ng mga tauhang biktima ng sistematikong kakulangan sa suporta at malasakit. Sa kabuuan, ang mga maikling kuwentong ito ay nagiging kasangkapan sa pagbibigay-liwanag sa mga isyung panlipunang matagal nang umiiral at patuloy na nagpapahirap sa mga mamamayang Pilipino.

Mahalagang tandaan na ang mga akdang pampanitikan ay hindi lamang salamin ng buhay kundi isa ring makapangyarihang midyum sa pagbubunyag ng katotohanan, paghamon sa umiiral na kaayusan, at pagtutulak tungo sa pagbabago. Ang mga kuwentong ito ay nagiging boses ng mga hindi naririnig—ng mga *Tata Selo*, *Adong*, at *Rona* ng ating lipunan.

**Talahayan 2. Pagsusuri sa Pamagat ng mga Maikling Kuwento sa Bisa ng Teoryang Realismo**

| Pamagat ng Kuwento | Paliwanag |
|---|---|
| **Tata Selo** | Ang pamagat ng maikling kuwentong ito ay hango sa pangunahing tauhan, si Tata Selo—isang magsasakang inagawan ng karapatan sa lupang kanyang sinasaka. Maaaring impluwensiya sa pagbuo ng karakter ang mga tauhang tulad nina Tata Selo sa *Noli Me Tangere* ni Rizal. Ang pamagat ay direktang nagpapahiwatig ng sentral na karakter at nagsisilbing panimulang pahiwatig sa temang panlipunan ng akda. |
| **Impeng Negro** | Isa sa mga pamagat na tumatalima sa paggamit ng pangalan ng tauhan, ang *Impeng Negro* ay may direktang ugnayan sa isyung panlipunan ng diskriminasyon sa kulay. Ang pamagat ay tumutuligsa sa mapanghusgang pananaw ng lipunan at nagbibigay diin sa identidad ng pangunahing tauhan bilang biktima ng pang-aapi. |
| **Itaboy ang Kahirapan at Hindi ang Mahihirap** | Isang pamagat na mapanlikha at politikal ang tonong taglay, kapansin-pansin ang mensaheng nais ipabatid ng may-akda ukol sa tunay na ugat ng suliranin ng kahirapan. Ang pamagat ay nagsisilbing panawagan at panimulang argumento laban sa sistemikong paninisi sa mga mahihirap. |
| **Pagkamulat** | Sa paggamit ng iisang salitang pamagat, naipapahayag ang temang pagbabago ng kamalayan o pagkamulat sa katotohanan. Ang pamagat ay may implikasyong introspektibo at hinahamon ang mambabasa na tuklasin kung ano ang "kamalayang" tinutukoy sa naratibo. |
| **Ang Inapi** | Ang pamagat ay tuwirang nagsasaad ng papel na ginagampanan ng pangunahing tauhan sa akda—isang biktima ng pang-aapi. Tumutugma ito sa layunin ng realismo na ipakita ang tunay na kalagayan ng mga inaaping uri sa lipunan. Malinaw at epektibo ang representasyon ng uri sa pamamagitan ng pamagat. |
| **Uhaw ang Tigang na Lupa** | Isang pamagat na masining at metaporikal, nagpapahiwatig ito ng matinding pangungulila sa pagmamahal ng mga magulang. Gamit ang tayutay, naging mas malalim ang simbolismo ng pamagat, na nagpapatingkad sa emosyonal na aspekto ng akda. |
| **Mabangis na Lungsod** | Tumutukoy sa isang mapanganib at magulong kapaligiran, ang pamagat ay isang alegorya ng karahasan at kawalang-katarungan sa lungsod. Ito ay akmang pamagat para sa kuwentong pumapaksa sa kahirapan, kriminalidad, at kabataan sa lansangan. |
| **Walang Panginoon** | Ginamitan ng dobleng kahulugan, ang pamagat ay maaaring literal at simboliko—walang panginoon bilang kawalan ng Diyos o ng makataong pamumuno. Isa itong hamon sa pananampalataya at sa sistemang panlipunan na hindi kinikilala ang dangal ng tao. |
| **Ang Kalupi** | Ang pamagat ay umiikot sa isang bagay—ang kalupi—na siyang nag-udyok sa buong banghay ng kuwento. Ito ay simbolo ng akusasyon, paghusga, at diskriminasyon, at naging mahalagang instrumento sa pagbubunyag ng kaisipan ng lipunan. |
| **Isandaang Damit** | Ang pamagat ay tumutukoy sa imaheng paulit-ulit sa kuwento—isang simbolismo ng pagnanais, panaginip, at pagkakaiba sa katayuang panlipunan. Ito ay isang pamagat na nagpapahiwatig ng kawalang-kaya at ang epekto nito sa pag-unlad ng isang batang babae. |

**Sintesis**

Ang pagsusuri sa pamagat ng mga piling maikling kuwento sa pamamagitan ng Talahayan 2 ay nagpapakita ng kahalagahan ng pamagat bilang panimulang susi sa pag-unawa ng akda. Sa mga pamagat tulad ng *Tata Selo*, *Impeng Negro*, at *Ang Inapi*, makikita ang pagbibigay-diin sa karakter na nagsisilbing representasyon ng inaaping uri sa lipunan, isang mahalagang elemento sa teoryang realismo. Samantala, ang mga pamagat na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691|| ISI Value: 1.188

*Uhaw ang Tigang na Lupa* at *Mabangis na Lungsod* ay nagpapamalas ng masining at metaporikal na paggamit ng wika na nagbubukas ng mas malalim na interpretasyon sa emosyonal at panlipunang konteksto ng kuwento.

Dagdag pa rito, ang mga pamagat tulad ng *Itaboy ang Kahirapan at Hindi ang Mahihirap* at *Walang Panginoon* ay nagpapahiwatig ng politikal na komentaryo at pagbubunyag ng panlipunang realidad, na siyang layunin ng realismo—ang mailantad ang umiiral na kalagayan ng lipunan at hamunin ang kamalayan ng mambabasa. Maging ang paggamit ng mga bagay bilang pamagat tulad ng *Ang Kalupi* at *Isandaang Damit* ay nagpapatingkad sa simbolikong pahiwatig ng mga akda, na siyang nagpapalalim sa tematikong nilalaman.

Sa kabuuan, ang pagpili at pagbuo ng pamagat sa mga akdang pampanitikan ay hindi lamang nagsisilbing palamuti kundi mahalagang sangkap sa pagbubuo ng kahulugan at pag-unawa sa realidad ng lipunang Pilipino. Ang mga pamagat ay nagsisilbing mabisang midyum sa paghahatid ng mensahe, pananaw, at paninindigan ng mga may-akda sa harap ng umiiral na mga suliraning panlipunan.

**Talahayan 2.2**
**Mga Tauhan sa Piling Maikling Kuwento**

| Kuwento | Mga Tauhan at Katangian |
|---|---|
| **Tata Selo** | *Tata Selo* – Isang matandang magsasaka na nakaranas ng pang-aapi sa kamay ng Kabesa matapos mapaalis sa sariling lupang sinasaka. Isinagisag niya ang mga naaaping mamamayan sa lipunan. *Saling* – Anak ni Tata Selo na naging biktima ng pang-aabuso ng mga nasa kapangyarihan. |
| **Impen Negro** | *Impen* – Isang batang may maitim na balat na dumanas ng diskriminasyon. Nagsilbi siyang huwaran ng katatagan sa kabila ng kanyang pinagdaanang pangmamaliit. |
| **Itaboy ang Kahirapan at Hindi ang Mahihirap** | *Taumbayan* – Simbolikong karakter na kumakatawan sa masang Pilipino na biktima ng kahirapan at kapabayaan ng pamahalaan. |
| **Pagkamulat** | *Tekya* – Babaeng tagapagbantay na sumasagisag sa pagbubunyag ng katotohanan, nagbibigay-babala sa mga tauhan ng kuwento. |
| **Ang Inapi** | *Rona* – Karakter na may mapait na pinagmulan ngunit kalauna'y nagkaroon ng pagkakataong pagbutihin ang kanyang kalagayan. |
| **Uhaw ang Tigang na Lupa** | *Anak na babae / Tagapagsalaysay* – Nagbigay masining na salaysay ng kanyang karanasan bilang isang batang uhaw sa pagmamahal ng magulang. *Ina* – Tahimik ngunit nagkaroon ng pag-unlad ang kanyang karakter nang malagay sa krisis ang pamilya. |
| **Mabangis na Lungsod** | *Adong* – Isang ulilang batang lansangan na kumakatawan sa kawalang katarungan at kahirapan sa lungsod. *Bruno* – Kontrabida sa kuwento na nagpapalalim sa tema ng karahasan at pang-aabuso. |
| **Walang Panginoon** | *Marcos* – Binata na naghangad ng katarungan para sa kanilang pamanang lupa na inaangkin ng isang asendero. *Ina ni Marcos* – Tagapayo at tagapagpakalma, sumasalamin sa paghihirap ng mga ina sa gitna ng kaguluhang panlipunan. |
| **Ang Kalupi** | *Andres Reyes* – Isang lalaking dukha na nakaranas ng hindi makatarungang paghusga batay sa kanyang anyo at estado sa buhay. |
| **Isandaang Damit** | *Batang Babae* – Isang mag-aaral na dumanas ng panghuhusga at pagmamaliit mula sa kanyang mga kaklase dahil sa kahirapan. |

**Sintesis**

Ang mga tauhan sa mga piling maikling kuwento na nakapaloob sa *Talahayan 2.2* ay kumakatawan sa iba't ibang aspeto ng lipunang Pilipino, kung saan ang kanilang mga karanasan ng pang-aapi, diskriminasyon, at paglaban ay nagsisilbing salamin ng mga isyung panlipunan at pulitikal. Ang mga tauhan ay may malalim na simbolismo na nagpapakita ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan, partikular sa mga mahihirap at inaapi. Sa mga kuwentong tulad ng *Tata Selo* at *Walang Panginoon*, ang mga karakter ay nagiging representasyon ng mga magsasaka at mga pamilya na pinapahirapan ng mga may kapangyarihan, samantalang sa *Impen Negro* at *Isandaang Damit*, pinapakita ang mga tauhan bilang biktima ng panghuhusga at diskriminasyon batay sa panlabas na anyo.

Sa kabilang banda, ang mga tauhan sa *Uhaw ang Tigang na Lupa* at *Mabangis na Lungsod* ay naglalarawan ng kabataan na nagiging simbolo ng kahirapan at ang mga epekto nito sa kanilang paghubog ng pagkatao. Si *Adong* ay isang batang lansangan na nagiging representasyon ng kawalan ng pagkakataon para sa mga maralita, habang si *Anak na babae* ay nagpapakita ng pangangailangan ng bata sa tamang gabay at pagmamahal mula sa magulang.

Makikita sa mga kuwentong ito ang mga tauhan na bumabalik sa temang makatawid sa mga isyung panlipunan tulad ng hindi pagkakapantay-pantay, pang-aabuso, at ang patuloy na laban para sa katarungan at dignidad. Ang pagkakaroon ng mga tauhang ito na may malalim na pag-unawa sa kanilang kalagayan ay nagpapalakas sa mensahe ng mga akda: ang bawat isa ay may kapasidad na magbago, magsalita, at maglaban para sa kanilang mga karapatan.

Sa kabuuan, ang mga tauhan ay hindi lamang nagsisilbing sentral na elemento sa pagbuo ng mga kuwento, kundi nagiging mga instrumento ng pagbabago at kamalayan na ipinapakita sa mga mambabasa ang realistikong pananaw sa buhay ng mga mahihirap, inaapi, at ang patuloy na hamon na kanilang kinahaharap.

**2.3 TALAHANAYAN**
**Banghay ng mga Kuwento**
**Impeng Negro**
Sa isang baryo, isang batang nagngangalang Impen ang may kakaibang kulay ng balat, naiiba sa mga kapwa niya bata dahil ang kanyang ama ay Negrong Amerikano. Dahil dito, palaging tinutukso si Impen, partikular na ni Ogor, isang siga sa kanilang lugar. Sa isang insidente sa igiban ng tubig, nakipag-away si Impen kay Ogor nang aksidenteng maitulak siya at magdulot ng sugat. Sa kabila ng unang pagkatalo, nagkaroon ng lakas ng loob si Impen at nagtagumpay laban kay Ogor, na nagdulot ng paghanga mula sa mga tao sa paligid. Sa huli, natutunan ni Impen na hindi na siya muling tutuksuhin sa kanilang lugar.

**Itaboy ang Kahirapan at Hindi ang Mahihirap**.Ang kuwentong ito ay umiikot sa isang gobernador na naghanda para sa pagdating ng hari sa kanilang nasasakupan. Upang itago ang kalagayan ng mahihirap, nagpatayo siya ng mga pader sa paligid ng mga barong-barong. Ngunit nang makita ng hari ang mga pader, natuklasan niya ang kalupitan ng pamumuhay ng mga tao at binawi ang gantimpalang ipinangako sa gobernador.

**Uhaw sa Tigang na Lupa**.Ang isang dalaga ay nagtataka kung bakit walang paglalambing sa pagitan ng kanyang mga magulang. Nang matuklasan niyang may relasyon ang kanyang ama sa ibang babae, nagkasakit ang kanyang ama at siya'y nagbalik-loob sa kanyang asawa. Sa kabila ng pagtataksil, tinanggap ng ina ang kalaguyo ng asawa. Sa huli, namatay ang ama at iniwan ang isang mensahe: ang kaligayahan ay hindi laging nakasalalay sa pagkakaroon ng buong pamilya.

**Ang Pagkamulat**. Si Diyak Lino at Diyak Arsenio, magkaibigan at magkasamang namamastol, ay nagpasya na pakawalan ang kanilang mga kalabaw sa ibang bakuran. Sa isang insidente, nakipagtalo si Arsenio kay Tekya, isang babae, at hindi sinasadyang nahawakan ni Lino ang dibdib ni Tekya. Hindi binanggit ang kaganapan nang buong buo, ngunit nagbago ang pananaw ni Lino sa buhay matapos ang insidente.

**Walang Panginoon**. Si Marcos, isang binatang may galit sa mayamang asendero na si Don Teong, ay nakaranas ng matinding paghihirap mula sa pang-aapi. Inabot siya ng malupit na pagkakataon, na ikinamatay ng kanyang pamilya at kasintahan. Sa kabila ng kanyang mga pagsubok, nagdesisyon si Marcos na maghiganti, at sa isang hindi inaasahang pagkakataon, pumatay si Marcos sa pamamagitan ng pagpapalabas ng kalabaw na nagpahirap kay Don Teong. Ang kaganapang ito ay nagbukas ng isang masalimuot na wakas.

**Tata Selo**. Si Tata Selo, isang matandang magsasaka, ay nagnanais na makabalik sa kanyang dating lupa. Dahil sa kahirapan, nagdesisyon siyang makipagkasundo sa may-ari ng lupa ngunit hindi siya pinakinggan. Sa kabila ng kanyang kalagayan, nakipaglaban siya kay Kabesa Tano, na nagresulta sa isang hindi inaasahang pagkamatay. Si Tata Selo ay nakulong at nahirapan dahil sa kanyang kalagayan, ngunit ipinagpatuloy pa rin niya ang pakikibaka.

**Isandaang Damit**. Ang kuwento ng isang batang babae na lumaki sa kahirapan ay nagpapakita ng diskriminasyon na nararanasan ng mga mahihirap. Dahil sa mga panunukso ng kanyang mga kaklase tungkol sa kanyang mga damit, nakaisip siya ng paraan upang labanan ang pang-aalipusta sa pamamagitan ng pagsasabing mayroon siyang isandaang damit. Nang dumaan ang mga taon, natutunan ng kanyang guro at mga kaklase na ang isandaang damit ay hindi mga tunay na damit kundi mga iginuhit lamang sa papel.

**Ang Kalupi**. Si Aling Martha, isang ina na madalas abala sa mga gawaing bahay, ay nakaranas ng isang hindi inaasahang pangyayari nang mawalan siya ng kanyang kalupi. Akala niya ay ang batang madungis na binangga siya ang kumuha ng kalupi. Nagmadali siyang hanapin ito at sa hindi inaasahang pagkakataon, ang bata ay napatay sa isang aksidente. Sa huli, nalaman ni Aling Martha na hindi ang batang iyon ang kumuha ng kanyang kalupi at ang pagkamatay ng bata ay nagdulot ng matinding pagsisisi sa kanya.

**Mabangis na Lungsod**. Si Adong, isang batang ulila, ay mamalimos sa harap ng simbahan upang matugunan ang kanyang pang-araw-araw na pangangailangan. Pinipilit niyang magtago kay Bruno, isang binatang nang-aapi sa kanya, ngunit hindi siya nakaligtas. Binugbog siya ni Bruno at iniwan na duguan. Sa kabila ng kanyang mga pagsubok, nakatagpo si Adong ng lakas upang patuloy na lumaban sa kabila ng matinding pahirap na dulot ng kanyang paligid.

**Ang Inapi**. Si Rona, isang babae na inaalipin ng kanyang mga kamag-anak, ay nakaranas ng matinding paghihirap habang nag-aaral. Sa kabila ng lahat ng ito, nakapagtapos siya ng edukasyon at naging matagumpay sa buhay. Ang kanyang mga pinsan, na hindi nakapagtapos ng pag-aaral, ay nagdusa dahil sa kanilang maling pagtrato kay Rona. Ang kuwento ay isang paalala ng lakas ng loob at determinasyon ng isang tao upang makamit ang tagumpay sa kabila ng mga pagsubok.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691|| ISI Value: 1.188

Sa mga kuwentong ito, makikita ang mga tema ng paghihirap, diskriminasyon, galit, at pakikibaka laban sa mga hindi makatarungang sistema. Ang bawat isa ay nagpapakita ng lakas ng loob ng mga karakter na humarap sa kanilang mga suliranin at nagpamalas ng tapang sa pagharap sa mga hamon ng buhay.

**TALAHANAYAN 2.4: MGA TALINHAGA**

| MGA KUWENTO | MGA TALINGHAGA |
|---|---|
| **TATA SELO** | "Maliit lamang sa simula ang kalumpon ng taong nasa bakuran ng munisipyo" |
| | *Kalumpon* – kumpol / lipon |
| | "…humarang isa sa nakalusot sa mga pulis na sumasawata sa nagkakagulong tao." |
| | *Sumasawata* – mapigilan / makaabala |
| | "Sa kanyang harapan, di kalayuan sa istaked, ipinagtitilakan ng mga pulis ang mga taong ibig makakita sa kanya." |
| | *Ipinagtitilakan* – ipinagsisigawan |
| | "Hindi ba't kaya maraming nagagalit sa akin ay dahil sa ayaw kong magpamigay ng kahit isang pinangko kung anihan?" |
| | *Pinangko* – binuhat / pinasan |
| **IMPEN NEGRO** | "…nagsusumigaw na paghihimagsik sa pook na iyong ayaw magbigay sa kanila ng pagkakataong makagitaw at mabuhay nang payapa." |
| | *Makagitaw* – makabitaw |
| | "Bantulot niyang binawi ang balde, nakatingin pa rin kay Ogor. Itinaob niya ang kaunting nasahod na balde at ang tubig ay gumapang sa semento at umabog sa kanilang mga paa ni Ogor." |
| | *Bantulot* – nag-aatubili |
| | "Nakarinig siya ng tawanan. At samantalang nakadapa, unti-unting nabuo sa walang malamang sulingan niyang mga mata ang mga paang alikabukin. Paparami iyon at pumapaligid sa kanya." |
| | *Sulingan* – mapagmahal |
| **PAGKAMULAT** | "isa rin akong lagalag na naghahanap ng kabuluhan sa buhay." |
| | *Lagalag* – hindi mapirmi o mapakali |
| | "kanila ay nahuling nang-umit ng pagkain o nagnakaw kaya" |
| | *Nang-umit* – nangupit |
| | "Nagpalahaw ng iyak si Aling Petra." |
| | *Nagpalahaw* – kumalat ang ingay |
| **ANG INAPI** | "mga dumadalaw na kaibigan ang mga pinsan, atsay o katulong ang pakilala sa kanya." |
| | *Atsay* – Katulong |
| | "Animo'y senyorita at senyorito mula nang pumisan sa kanila si Rona." |
| | *Pumisan* – Lumipat o napunta |
| **UHAW ANG TIGANG NA LUPA** | "Lumigkit ka!" |
| | *Lumigit* – Tumigil, huminto |
| | "Ng kanyang mariing huwang kung mayroon siyang ipinagbabawal." |
| | *Huwang* – Tumutol, hindi pagsang-ayon |
| | "May magkabiyak ng pusong hindi nagkakahinampuhan." |
| | *Nagkakahinumpuhan* – nagkatampuhan, nagkakasamaan ng loob |
| | "Ay natutunghan ko ang isang kapanapanabik na kuwento." |
| | *Natutunghan* – nasaksihan |
| | "O kung nagkagagalit man ay sadyang hindi ipinamamalay sa akin." |
| | *Ipinamamalay* – ipinapabatid |
| | "Yaon daw ay nakuha niya sa isang lukbutan ng amerikana ni Ama." |

| MGA KUWENTO | MGA TALINGHAGA |
|---|---|
| | *Lukbutan* – pitaka o lalagyan ng salapi |
| | "Huwag kang palilinlang sa simbuyo ng iyong kalooban;" |
| | *Simpuyo* – tukso |
| | "Tinimpi ng pagdadaop ng kanyang ngipin sa labi." |
| | *Pagdadaop* – pagdampi, paglapat o pagdikit |
| **WALANG PANGINOON** | "Ayaw niyang marinig ang animas." |
| | *Animas* – pagtugtog ng kampana sa dapithapon |
| | "…nalalaman niyang kaya namatay si Anita ay sapagkat natutop ng amang nakipagtagpong minsan sa kanya sa loob ng halamanan…" |
| | *Natutop* – natuklasan at malapit sa salitang nasawata |
| | "Si Marcos ay nagsimpan na ng malaking pag-ibig sa kanya." |
| | *Nagsimpan* – naiumpok na bagay o halaga |
| **ANG KALUPI** | "Mandi'y gagahanip ang tingin niya sa batang kaharap." |
| | *Gagahanip* – maliit |
| | "Ang mga nanonood ay parang nangangapatdan ng dila upang makapagsalita ng pagtutol." |
| | *Nangangapatdan* – nangangatwiran |
| | "Ilang sandali pa ay lumungayngay ang ulo nito at nang pulsuhan ng isang naroroon ay marahan itong napailing." |
| | *Lumulungayngay* – lumaylay |

**TALAHANAYAN 2.5: MGA TAYUTAY**

| MGA KUWENTO | MGA TAYUTAY |
|---|---|
| **TATA SELO** | **Pagmamalabis**: "Namuti ang mga kamao ni Tata Selo sa pagkakahawak sa rehas." |
| | **Pagtutulad**: "Si Kabesa kasi ang nagrekomenda sa tsip e," sinabi ng isa nang si Tata Selo ay tila damit na nalaglag sa pagkakasabit nang muling pagmalupitan ng hepe. |
| | "Nagtataka at hindi makapaniwalang nakatingin sila kay Tata Selo na tila isang hindi pangkaraniwang hayop na itatanghal." |
| | **Pagsasatao**: "Hindi pa namamatay ang alikabok gayong sa pagdating ng buwang iyo'y dapat nang nag-uulan." |
| **IMPEN NEGRO** | **Ironia**: "Hoy sumilong ka baka ka pumuti." |
| | **Aliterasyon**: "Pahalipaw, Papaluka, Papatay." |
| **ITABOY ANG KAHIRAPAN AT HINDI ANG MAHIHIRAP** | **Personipikasyon**: "Biktima ng bulok na sistemang nag-anak sa kahirapan." |
| | **Salantunay**: "Naghahari ang iilan sa lipunan." |
| **PAGKAMULAT** | **Pagmamalabis**: "Hindi makakain ang bahay.." |
| | **Pagsasatulad**: "Maamon ngiti ng kaniyang munting anghel." |
| **ANG INAPI** | **Aliterasyon**: "Halos lahat ng mga gawaing bahay: paglilinis, paghuhugas ng pinggan, pagsasaing, paglalaba, pamamalantsa, pamamalengke at kung anu-ano pa." |
| | "Lagi niyang nilalakad pauwi ang Pasig at Pateros na halos ay apat na kilometro." |
| **UHAW ANG TIGANG NA LUPA** | **Pagwawangis**: "Mga labing duyan ng isang ngiting puspos-kasiyahan…" |
| | "Ilong na kawangki ng tuka ng isang loro." |
| | "Ang ngiti ni Ina ay patak ng ulan kung tag-ara w." |
| | "Ang bata kong puso ay tigang na lupang uhaw na uhaw..." |
| | "Si Ina ay isang magandang tanawin kung nanunulsi ng mga punit na damit." |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691|| ISI Value: 1.188

| MGA KUWENTO | MGA TAYUTAY |
|---|---|
| | "Gawin mo akong isang pangarap na naglalaho pagkagising." |
| | "Muli kong nadama ang tibay ng buhol na nag-uugnay ng damdamin ni Ama sa akin." |
| | "Ang malabubog na tubig na bumabakod sa mga pangingin ni Ina ay nabasag at ilang butil niyo ang pumatak sa bisig ni Ama." |
| | "Nasa mga mata man niya ang ilaw ng pagkabigo sa pagdurugtong sa isang buhay." |
| | **Pagsasatao**: "May mga pisngi at labing walang bahid-kasalanan at kasiya-siyang hagkan." |
| | **Pagmamalabis**: "Sapagkat ikamamatay ko ang pighating ito…" |
| | **Pagtutulad**: "Ang pag-ibig na ito'y isang dulang ako ang gumaganap ng pangunahing tauhan." |
| **MABANGIS NA LUNGSOD** | **Pagtutulad**: "Ngunit ang gabi ay waring manipis na sutla lamang ng dilim na walang lawak mula sa lupa hanggang sa mga unang palapag ng mga gusali." |
| | "Ang mga daing ay walang halaga, waring mga patak ng ulan sa malalaking bitak ng lupa." |
| | "Ngunit ang mga kamay ni Bruno ay parang bakal na nakahawak na sa kaniyang bisig." |
| **WALANG PANGINOON** | **Paghihimig**: "Una muna ang malaking kampana saka sumunod ang maliit. Bang! Teng! Bang! Teng! Babae ang nalagutan ng hininga." |
| | **Pagsasatao**: "Lumabas siya sa bukid at hinampasan niya ng tanaw ang karagatan ng namumulang ginto." |
| | **Pagmamalabis**: "Bakit ka mag-iisip nang gayon, sa tayo na lamang dalawa ang nabubuhay sa daigdig?" |
| | **Salantunay**: "Ang lahat ng tao, kahi't hindi magkakakulay ay sadyang magkakapantay," |
| | "Walang mang-aalipin kung walang magpapaalip." |
| **ANG KALUPI** | **Pagtutulad**: "Anika'y kidlat na gumuhit sa karimlan." |

**Sintesis**

Ito ay naglalahad ng mga tayutay na ginamit sa iba't ibang kuwento sa akdang isinuri. Ang mga tayutay ay nagpapakita ng mga matatalinghagang paraan ng pagpapahayag, na may layuning magbigay ng mas malalim na kahulugan at damdamin sa mga karakter at pangyayari. Ang paggamit ng **pagmamalabis**, **pagtutulad**, **pagsasatao**, **pagwawangis**, at **pagmamalabis** ay nagpapakita ng damdaming labis na ipinapahayag ng mga tauhan. Halimbawa, ang mga karakter na si Tata Selo at si Ina sa kuwento ng "Uhaw ang Tigang na Lupa" ay inilalarawan gamit ang mga tayutay upang ipakita ang mga pagsubok at hinagpis ng bawat isa sa kanilang mga kalagayan. Ang paggamit ng mga aliterasyon at personipikasyon sa iba pang mga akda tulad ng "Ang Inapi" at "Walang Panginoon" ay nagpapahiwatig ng malalim na ugnayan ng mga karakter sa kanilang paligid at sa kanilang pakikibaka laban sa mga hamon ng buhay. Sa pangkalahatan, ang mga tayutay ay nagbibigay ng mas masalimuot na pagtingin sa mga karakter at kanilang mga nararamdaman, na may layuning magbigay ng mas mataas na kahulugan at pagpapahalaga sa mga karanasan ng mga tao sa kanilang mga komunidad at lipunan.

**TALAHANAYAN 2.6: MGA SIMBOLISMO**

| MGA KUWENTO | MGA SIMBOLISMO |
|---|---|
| **TATA SELO** | *Tungkod ng Kabesa* – ito ay nagpapahiwatig ng kapangyarihan ng isang kabesa. |
| | *Kutod na may tuyong putik* – ito ay nagpapakita na si Tata Selo ay isang magsasaka. |
| **UHAW ANG TIGANG NA LUPA** | *Liham* – ang may akda ay gumamit ng liham upang di lantarang ipakita o sabihin ang mga unang kaganapan sa kuwento na kung babasahin ay makikita o malalaman ng isang may malawak na pag-iisip na mambabasa. |
| | *Pelus na Rosas* – ang pag-ibig na dulang tauhan sa kuwento. |
| | *Larawan* – sa pamamagitan ng larawan, ang mga nakaraan sa kuwento ay maaaring malaman sa tulong na rin ng liham na kalakip nito. |
| | *Uhaw ang tigang na lupa* – sumisimbolo sa kakulangan ng pagmamahal sa isang anak dahil sa suliranin ng pamilya. |
| **WALANG PANGINOON** | *Kalabaw* – ang kalabaw ay sumisimbolo sa mga Pilipino. Tulad na lamang ni Marcos na may alagang kalabaw na siya niyang katulong sa paghahanap buhay o pagsasaka. |
| | *Pag-animas ng kampana sa simbahan* – ipinapakita ng may akda na tuwing tutugtog ang kampana, oras na rin nang pagpunta at doon magsimba ang mga katoliko. |

**Sintesis**
Ito ay naglalahad ng mga simbolismo na ginagamit sa mga kuwento upang magbigay ng mas malalim na kahulugan at mensahe. Ang mga simbolo tulad ng **Tungkod ng Kabesa** at **Kutod na may tuyong putik** sa kuwento ni Tata Selo ay nagsisilibing representasyon ng kapangyarihan at kalagayan ng isang magsasaka sa kanyang komunidad. Sa "Uhaw ang Tigang na Lupa," ang paggamit ng mga simbolo tulad ng **Liham** at **Pelus na Rosas** ay nagpapakita ng mga emosyonal na estado ng mga tauhan at ang kanilang ugnayan sa nakaraan at kasalukuyan. Ang mga simbolo ay nagpapahiwatig ng mga pakiramdam ng kawalan ng pagmamahal o pagpapahalaga, tulad ng sa **Uhaw ang Tigang na Lupa**, kung saan ang tigang na lupa ay sumisimbolo sa kakulangan ng pagmamahal at pagkalinga mula sa mga magulang. Sa "Walang Panginoon," ang **Kalabaw** ay isang simbolo ng pagsasakripisyo at dedikasyon ng mga Pilipino sa kanilang trabaho, habang ang **Pag-animas ng kampana sa simbahan** ay nagsisilbing tanda ng relihiyosong pananampalataya at ang kahalagahan ng ritwal sa lipunang Pilipino. Sa kabuuan, ang mga simbolo ay nagsisilbing paraan upang mas mailahad ang mga mensahe ng kuwento tungkol sa mga hamon at pagnanasa ng mga tao, pati na rin ang mga paniniwala at tradisyon ng isang komunidad.

**TALAHANAYAN 3: KONTEKSTO NG MGA TAUHAN AT PANGYAYARI SA MAIKLING KUWENTO BATAY SA ANALYTICAL PHASE**
Ang **TALAHANAYAN 3** ay nagpapakita ng mga tauhan at pangyayari sa mga piling maikling kuwento na may kaugnayan sa mga isyung panlipunan at pulitikal. Ang mga karakter at kanilang karanasan ay sumasalamin sa mga realidad ng ating lipunan, kung saan makikita ang mga isyu tulad ng diskriminasyon, pang-aapi, at mga pangyayaring political na nakakaapekto sa buhay ng mga tao.

1. **Tata Selo** - Ipinapakita ang karanasan ng isang magsasaka na tinanggalan ng karapatan at dignidad ng isang maykapangyarihang tao. Ang diskriminasyon at pang-aapi na nararanasan niya ay nagsasalarawan ng kalagayan ng mga maralitang manggagawa sa lipunan.
2. **Impen Negro** - Inilalarawan ang diskriminasyon batay sa kulay ng balat at ang pang-aapi na dulot ng mga panunukso at pag-atake sa identidad ng isang tao. Ang pangyayaring ito ay nagpapakita ng mga isyu ng lahi at pagkakapantay-pantay sa lipunan.
3. **Itaboy ang Kahiraan at Hindi ang Mahihirap** - Isang kuwento na tumatalakay sa pampulitikang isyu ng demolisyon at ang pagtuligsa sa mahihirap. Ang mga mahihirap ay itinataboy at iniiwasan dahil sa kanilang kalagayan, na nagpapakita ng kawalan ng malasakit at pag-unawa mula sa mga may kapangyarihan.
4. **Pagkamulat** - Inilalarawan ang pagkakaroon ng kamalayan ng mga mahihirap sa kanilang kalagayan, pati na ang pagbuo ng mga samahan upang labanan ang mga isyung tulad ng demolisyon at kakulangan ng pamamahagi ng yaman.
5. **Ang Inapi** - Isang kuwento ng pang-aapi at hindi pagkakapantay-pantay sa loob ng pamilya, kung saan ang isang babae ay hindi tinatrato ng makatarungan at may respeto. Ipinapakita nito ang diskriminasyon sa loob ng tahanan, na nagpapakita ng kasanayan ng hindi pantay-pantay na relasyon sa loob ng isang komunidad.
6. **Uhaw ang Tigang na Lupa** - Naglalarawan ng kalungkutan ng isang anak na nakakaramdam ng kakulangan ng pagmamahal mula sa magulang. Ang kuwento ay nagsisilibing simbolo ng mga isyung pang-emotional at familial sa isang lipunan.
7. **Mabangis na Lungsod** - Pinapakita ang sitwasyon ng mga tao na pinipilit magtagumpay laban sa mga pwersang hadlang, tulad ng mga makapangyarihan at ang kanilang kasamaan. Naglalarawan ito ng mga isyung pampulitika at ang mga hamon na hinaharap ng mga tao sa mga matataas na posisyon ng kapangyarihan.
8. **Walang Panginoon** - Tumatalakay sa pang-aapi at pagbawi ng mga may kapangyarihan sa mga mamamayan. Ipinapakita nito ang pakikibaka ng mga tao upang makamit ang kanilang mga karapatan at ang patuloy na pagsasamantala ng mga mayayaman at makapangyarihan.
9. **Ang Kalupi** - Ang kuwentong ito ay nagpapakita ng mga isyung panlipunan tulad ng kawalan ng hustisya at ang patuloy na pang-aabuso ng mga may kapangyarihan laban sa mga mahihirap.
10. **Isandaang Damit** - Ang kuwento ay nagsisilibing halimbawa ng isyung pang-ekonomiya at ang epekto ng mahirap na kalagayan sa buhay ng mga bata. Ito ay isang pagsasalamin ng kakulangan ng oportunidad at ang epekto ng pagkakaroon ng hindi sapat na mga materyal na bagay sa isang pamilya.

## BISANG PAMPANITIKAN NG MGA TAUHAN SA MGA MAIKLING KUWENTO
Ang pagsusuri ng mga tauhan sa mga kuwento ay nagbigay ng mga mahahalagang aral at mensahe na may malalim na epekto sa mambabasa. Ang mga kuwento ay nagtatampok ng mga isyung panlipunan na tumatalakay sa mga karanasan ng mga tao sa ilalim ng hindi pantay-pantay na lipunan.

**Bisa sa Isip**-Ang mga kuwento ay nagbigay kaalaman sa mga mambabasa, lalo na sa mga isyung panlipunan tulad ng diskriminasyon, pang-aapi, at ang patuloy na kawalan ng katarungan sa lipunan. Ang mga tauhan ay sumasalamin sa mga biktima ng mga hindi makatarungang kondisyon sa lipunan, na nagpapakita ng mga isyung nakakaapekto sa ating mga araw-araw na buhay.

**Bisa sa Damdamin**-Nag-iwan ng malalim na emosyonal na epekto ang mga kuwento sa mga mambabasa. Ang mga isyu ng kalungkutan, pagkahabag, at galit ay muling nagbukas ng mga isyung tila hindi nareresolba sa lipunan. Gayunpaman, may mga kuwento ring nagbigay ng pag-asa, kung saan ang pagbabago ay

posible, at ang pagkakaisa ay nagdudulot ng tagumpay sa kabila ng lahat ng pagsubok.

**Bisa sa Kaasalan**-Pinipilit ng mga tauhan na maging mabuti sa kabila ng mga pagsubok na kanilang nararanasan. Ipinapakita ng mga kuwento ang kahalagahan ng pagtitiwala, pagkakaroon ng malasakit sa kapwa, at hindi pagsuko sa mga hamon ng buhay. Ang mga katangiang ito ay nagbibigay ng gintong aral na maaaring magbukas sa mambabasa ng mas magandang pananaw sa buhay at magbigay ng inspirasyon upang magpatuloy sa pagharap sa mga hamon sa ating sariling buhay.

Sa kabuuan, ang pagsusuri ng mga tauhan at kanilang karanasan sa mga maikling kuwento ay nagpapakita ng mga mahalagang aral na may kaugnayan sa ating lipunan. Ang mga kwentong ito ay nagsisilibing paalala ng mga isyung patuloy na kinahaharap ng marami sa atin, at nagbubukas ng posibilidad ng pagbabago at pagkakaroon ng katarungan sa ating komunidad.

## LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

### *LAGOM*

Ang mga piling maikling kuwento na isinuri sa pag-aaral na ito ay may teoryang Realismo at naglalaman ng estetikong pagganyak sa mga mambabasa. Ang mga sumusunod na kuwento ang napili: *Tata Selo*, *Impen Negro*, *Itaboy ang Kahirapan at Hindi ang Mahihirap*, *Pagkamulat*, *Ang Inapi*, *Uhaw ang Tigang na Lupa*, *Mabangis na Lungsod*, *Walang Panginoon*, *Ang Kalupi*, at *Isang Daang Damit*. Pinili ang mga kuwentong ito batay sa paggamit ng mga talinghaga, tayutay, at simbolismo.

1. Ang mga kuwentong ito ay naglalaman ng mga pangyayaring sumasalamin sa tunay na buhay.
2. Sa mga kuwentong isinuri, ang *Uhaw ang Tigang na Lupa* ang may pinakamaraming talinghaga at tayutay. Samantalang ang *Uhaw ang Tigang na Lupa* at *Impen Negro* ay may pinakamaraming simbolismo.
3. Sa kabuuan ng pagsusuri, nangibabaw ang mga imahe ng kahirapan, diskriminasyon, at kawalan ng katarungan sa ating lipunan.

### *KONKLUSYON*

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang pagsusuri ng akda ay mas nakatuon sa kaluluwa o esensya ng akda, hindi lamang sa istruktura nito.
2. Ang mga maikling kuwento ay nagsisilbing salamin ng mga isyung nagaganap sa nakaraan at sa kasalukuyang panahon.
3. Ang paggamit ng tayutay at talinghaga ay nakakatulong upang mapalalim ang pagkaunawa ng mambabasa sa akda at mas maunawaan ang mensahe ng may-akda.
4. Sa pagsusuri, ang karikitan ng akda ay nagiging susi upang mapukaw ang mensahe na nais iparating ng may-akda.
5. Ang teoryang Realismo ay tumatalima sa mga mambabasa at manunuri, dahil ito ay nagpapakita ng mga isyu na nararanasan nila sa kanilang sariling buhay at sa lipunan.
6. Ang tamang pagpili ng pamagat at ang kariktan ng akda ay nakakapukaw ng interes ng bawat mambabasa upang basahin at tangkilikin ang isang akda.
7. Lumulutang sa mga akda na sinuri ang kariktan at yaman ng panitikan, na nagpapakita ng lalim at kahalagahan ng bawat kuwento.

### *REKOMENDASYON*

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, inirerekomenda ang mga sumusunod:

1. Magkaroon ng mas malalimang pagdadalumat sa mga maikling kuwento na naangkop sa Teoryang Realismo, at iugnay ang mga mapait na karanasan ng mga tauhan sa mga pangyayaring nagaganap sa lipunan.
2. Suriin ang mga maikling kuwento na sumasalamin sa reyalidad gamit ang teoryang Sosyolohikal upang mas mapalawak ang pananaw sa mga isyung panlipunan.
3. Magsagawa ng linggwistikang pag-aaral sa istilo ng wika na ginamit sa mga piling maikling kuwento na nakabatay sa reyalidad ng buhay. Magsama ng estetikong aspeto sa tuwing magsusuri ng mga akdang pampanitikan upang magkaroon ng mas malalim na pagkaunawa sa mga maikling kuwento at iba pang akdang pampanitikan.

## TALASANGUNIAN

### Mga Aklat at Artikulo

1. *Bajao, et. al. (2018).* Ang Pagsusuri ng Akdang Pampanitikan.
2. *Beared, Hartley (2009).* Pagkakakilala sa mga Sagisag o Simbolo at Pag-unawa.
3. *Bernales, et. al. (2018).* Pananaliksik ng Tayutay Bernat.
4. *Royle, (1992).* Ang Pananaliksik ng Teoryang Realismo sa Kolehiyo ng Immaculate Conception.
5. *Castillo, G. (2018).* Kakayahan sa Pagsusuri ng Maikling Kuwento at Tula ng mga Piling Mag-aaral sa Ikatlong Antas ng mga Matataas na Paaralan ng Lungsod ng Cabuyao.
6. *Comoda (2016).* Ang Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo ng Pangangalakal sa Bukidnon State University sa Pag-aaral ng Matatalinghagang Salita.
7. *Dalman, K. (2010).* Makatotohanang Pangyayaring Naganap sa mga Pangunahing Tauhan sa mga Piling Kuwento ni Liwayway A. Arceo.
8. *Hossaine, A. (2009).* Pananaliksik sa Iba't Ibang Panitikan.
9. *Jagabat, E. (2018).* Pagsusuri ng Akda Nuncio, R. (w.p). Kaguluhan ng Pagdadalumat sa Unibersidad ng Northern Philippines.
10. *Nuncio, R. (2008).* Pagdalumat-Salita Tungo sa Pagteteoryang Filipino.
11. *Reyes, R. (2012).* Isang Pagsusuri sa Tatlong Maikling Kuwento.
12. *Rushdie, B. (2008).* Pananaliksik sa Akdang Pampanitikan ng Pamantasan ng Capiz.
13. *Villafuerte, P. (2008).* Pagsusuri ng Maikling Kuwento.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691|| ISI Value: 1.188

**Elektronikong Sanggunian**

1. *Maikling Kuwento: Impen Negro by Rogelio Sikat*
2. *Itaboy ang Kahirapan, Hindi ang Mahihirap*
3. *Pagkamulat*
4. *Uhaw ang Tigang na Lupa ni Liwayway A. Arceo*
5. *Ang Kalupi - Maikling Kuwento*
6. *Mabangis na Lungsod ni Efren R. Abueg*
7. *Isang Daang Damit*
8. *Tata Selo ni Rogelio Sikat*
9. *Walang Panginoon ni Liwayway A. Arceo*
10. *YouTube Links, HHIDdxCBLv, dqfLXx3tOoY, R5Viwfce0oA, IfgzDvOKlF4, Q4MYz7i9rQo, aL_iCWyDhYk, ZvWoakWHunE*
11. *Prezi Presentation on Teoryang Realismo*